# Kapit-Bisig

Hindi naging hadlang sa mga residente ng Barangay Villa Rosenda, Talugtug, Nueva Ecija ang hindi pagkasali sa 2$^{nd}$ cycle ng Kalahi-CIDSS upang maisakatuparan ang inaasam nilang dagdag na silid-aralan sa Villa Rosenda Elementary School.

Ayon kay Jennifer Saltiban, 39, volunteer ng barangay at pangulo ng Parents Teachers Association (PTA) ng nasabing paaralan, "Patuloy pa rin po kaming nakikiisa sa mga proyekto at nagkakaisa pa rin kaming mga volunteers kahit di kami na-prioritize sa 2$^{nd}$ cycle.

"Hindi na sapat ang mga silid-aralan ng Villa Rosenda Elementary School para sa 137 na mag-aaral ngayong 2017-2018," dagdag naman ni G. Sunder Gapuz, OIC-Head Teacher ng nasabing paaralan.  Inilarawan pa n'ya ang kundisyon na kinakaharap ng mga mag-aaral na idinulot ng bagyong Lando. Sinira ni Lando ang classroom ng mga Grade 6 pupils kaya sa stockroom sila pansamantalang nagklase noong nakaraang school year. Gawa ito sa kawayan at mababa ang bubong at wala pa itong sariling palikuran.  Pag alas-tres ng hapon, nasa ilalim sila ng puno dahil mainit sa kwarto, dagdag ni G. Gapuz.

Sa tulong ng Parents Teachers Association, (PTA), inilapit ni G. Gapuz ang sitwasyon sa Barangay Council na nagresulta sa pagpondo sa mga materyales para sa pansamantalang learning area ng mga incoming Grade 6 pupils.

Nilapitan naman ni Barangay Captain Arsenio Flora, Jr. si G. Francis Jean Ramos, Municipal Social Welfare Development Officer upang ipasok sa Cash for Work Program ng Department of Social Welfare and Development (SWD) ang para sa labor component sa paggawa ng learning area.

Mga 80 magulang ang nagpahayag na lumahok sa Cash for Work para sa pagtatayo ng learning area na karamihan ay magsasaka o

farm laborers at mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilya Pilipino Program. Handa silang tumulong dahil ang hangad nila ay makapagtapos ng pag-aaral ang mga anak.

Malapit nang makita ang bunga ng sama-samang pagkilos nang may malasakit ng mga community volunteers, teachers ng Villa Rosenda Elementary School at ng pamahalaang barangay at ng DSWD, ayon kay Gng. Ramos.

Ang DSWD Kalahi-CIDSS ay gumagamit ng pamamaraang *community-driven development*, kung saan mga residente ang mismong tutukoy sa pangangailangan ng komunidad, at pipili at magpapatupad ng mga akmang solusyon dito. Sila rin ang bumuboto kung aling mga barangay ng munisipyo ang mapupondohan ng programa.

Bagamat hindi napili ang Villa Rosenda sa DSWD Kalahi-CIDSS, nagbigay-daan naman ito upang simulan ang sama-samang pagkilos nang may malasakit ng mga taga-Villa Rosenda. ### (Jeffrey D. Pelariza)